Advisory Blg. 021, s. 2020
Pebrero 10, 2020
Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
ang *advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

# IKA-48 PAMBANSANG SEMINAR GAWAING-KAPULUNGAN SA FILIPINO NG PAMBANSANG SAMAHAN NG MGA TAGAMASID AT TAGAPAGTAGUYOD SA FILIPINO

Ang Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAF) ay magdaraos ng Ika-48 Pambansang Seminar Gawaing-Kapulungan sa Filipino na may temang, PASATAF: Kaisa ng Gurong Filipino sa Pagtugon sa Hamon at Krisis ng Pagtuturo ng Filipino sa Patuloy na Nagbabagong Mundo, na gaganapin sa ika-13 hanggang 17 ng Abril 2020 sa Baguio *Teachers Camp*, Lungsod Baguio.

Ang layunin ng seminar ay ang mga sumusunod:

1. malinang ang kulturang pang-edukasyon bilang tugon sa progresibong hamon ng panahon na kinakaharap ng kasalukuyang sistema ng edukasyon;
2. magamit sa aktwal na pagtuturo ang mga napapanahong estratehiya sa K to 12 tungo sa may kalidad na edukasyon;
3. maiangat ang sigasig/hikayat sa pagtuturo sa pamamagitan ng proaktibong pagpapaunlad ng K to 12 Kurikulum; at
4. makapag-eksibit ng mga saliksik sa Filipino na magsisilbing kasangkapan sa pagpapaunlad ng kurikulum.

Ang inaasahang dadalo ay ang mga kapisanang pangwika at edukasyon, mga kinatawan na manggagaling sa iba't ibang rehiyon, pambansang pamunuan at lupon ng mga direktor ng PASATAF, mga kinatawan ng tanggapang sentral ng DepEd, panrehiyon at pansangay na tagamasid sa Filipino, mga guro sa elementarya at sekundarya na pang-estado at pribado, at mga bagong kasapi sa PASATAF, mga miyembro ng iba't ibang kapisanang pangwika sa edukasyon, mga gurong nagtuturo ng Filipino at mga asignaturang ang wikang panturo ay Filipino, at sinumang may interes sa usaping pangwika, mga iskolar, at dalubwika.

Para sa mga karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan alinman sa mga sumusunod:

- Elpidia B. Bergado EdD
  Pangulo, Pambansang Samahan ng mga Tagamasid
  at Tagapagtaguyod sa Filipino
  Room 35, Unit 3585, MRB Building
  Commonwealth Avenue, Quezon City
  Mobile: 0917-859-0847, 0977-852-7402, 0927-858-3868

- Viola S. Esparagoza
  Kalihim, PASATAF
  Mobile: 0922-207-4102

SMMA A-Ika-48 Pambansang Seminar Gawaing-Kapulungan sa Filipino
0866/Pebrero 5, 2020

PASATAF

## MGA ALITUNTUNIN AT PAMANTAYAN NG PASATAF 2020

### A. PARA SA DATING KALAHOK/DELEGADO

- Halaga ng Rehistrasyon: On-site Registration-Php 4,350.00
- Bahagi ng rehistrasyon ang sumusunod: 3-gabing akomodasyon sa Teachers Camp; Pagkain: 3 agahan, 3 tanghalian, 3 hapunan at 7 meryenda; seminar bag; PASATAF t-shirt; bayad-kasapian, kalatas balita; sertipiko ng paglahok at iba pang gastusin
- Ang unang pagkain ay sa pang umagang meryenda ng Abril 14 at ang huli ay sa meryenda ng Abril 17
- Sakaling ang mga delegado ay maubusan ng akomodasyon sa loob ng Teachers Camp, ang pamunuan ay maghahain ng listahan ng mga transient house na maaaring puntahan ng mga delegado.
- Ang mga kalahok na mamamahinga sa mga Bahay panuluyan (transient houses) ay may kabawasan sa rehistrasyon na nagkakahalaga ng P 600.00. Ang mga delegado ang may karapatan na makipag-ugnayan sa may-ari ng bahay panuluyan.
- Hindi pananagutan ng PASATAF ang pagkain at pagtira sa Teachers Camp na hindi sakop ng programa.
- Mahigpit na ipinapaalala na **IWASANG magsama ng asawa, anak o kaibigang hindi kasapi ng PASATAF** na maaaring makasagabal sa pagdalo ng mga gawain.
- Magdala ng kaukulang gamot para sa may mga maseselang karamdaman.

### B. BAGONG KASAPI NG PASATAF

- Magkakaroon ng hiwalay na patalaan ang mga bagong kasapi ng PASATAF.
- Magbabayad ng On-site Registration na Php 4,500.00 ang mga bagong kasapi
- Kasabay nito ang pagbibigay ng sertipiko bilang bagong kasapi mula sa pamunuan.
- Dumalo sa **oryentasyon** na gaganapin sa **ikalawang araw** ng kapulungan
- Lumahok at dumalo sa mga gawain ng **gabi ng inisasyon** na gaganapin sa **unang gabi**.
- Sa gabi ng inisasyon ilalahad ang pangkatang gawain
- Lalaanan ng tatlumpong minuto ang lahat para sa kanilang pag eehensayo
- Tanging puting T-shirt ng PASATAF ang maaaring isuot, nasa kasunduan ng bawat pangkat kung nais na may karagdagang gamitin (praps) sa pagtatanghal.
- Matapos ang lahat ng pagtatanghal, igagawad ang sertipiko ng paglahok kasabay ng pag anunsyo sa tatlong pinaka mahusay na pangkat.
- Pagkakalooban ng sertipiko ng pagkilala ang lahat ng nagwagi.

**C. GAWAD PASATAF 2020**

1. Gawad Sigasig
   - Dapat nakadalo ng PASATAF ng taong 2018, 2019 at 2020
   - Magmumula ang listahan ng mga gawad sigasig batay sa tala ng pamunuan
2. Gawad Nataas ng Tungkulin
   - Kasapi ng PASATAF na nataas ang tungkulin (Halimbawa mula guro sa pagiging punongguro o mas mataas na posisyon)
   - Magsumite ng anumang katibayan na naka hardcopy/photocopy sa komite ng Gawad PASATAF mula Abril 13 hanggang Abril 15, 2020
3. Gawad Nagretiro sa Tungkulin
   - Miyembro ng PASATAF na nagretiro at may nagawang ambag sa pagtataguyod at pagpapaunlad ng Wikang Filipino
   - Magsumite ng natapos na gawain (accomplishment report)
   - Magpatala at isumite ang mga dokumento (photocopy) sa komite ng Gawad PASATAF mula Abril 13 hanggang Abril 15, 2020.

**D. MUTYA AT LAKAN NG PASATAF 2020**

- Bukas ang patimpalak sa lahat ng babaeng/lalakeng kasapi ng PASATAF (binata/ dalaga o may asawa)
- Walang limitasyon sa edad
- Isa hanggang dalawang kalahok ang maaaring kinatawan ng bawat rehiyon
- Bawat kalahok ay maghahanda ng mga sumusunod: talent, katutubong kasuotan, kasuotang kaswal at pormal (evening attire)
- Ang patimpalak ay gaganapin sa gabi ng Abril 16

**E. KALATAS-BALITA (Opisyal na Pahayagan ng PASATAF)**

- Ang sinumang kasapi ay maaaring mag-ambag ng mga artikulong BALITA, EDITORYAL/OPINYON, at LATHALAIN
- Nararapat na malinaw ang mga kopyang isusumite kalakip ang sumusunod na impormasyon: PANGALAN/ PAARALAN/ REHIYON/ DIBISYON
- Bibigyan ng karapatan ang mga kasapi ng patnugutan ng Kalatas-Balita na rebisahin ang mga artikulong isusumite nang ayon sa pangangailangan
- Ang bawat kasapi na **nag-ambag ng nailathalang** artikulo ang pagkakalooban ng sertipiko ng pagkilala mula sa pamunuan
- Ang mga artikulong isusumite ay kinakailangan na "soft copy" lamang at maaaring isumite sa patnugutan ng kalatas-balita
- Ipinababatid na hindi magpapalathala ang patnugutan ng 'Samyo' (Lipon ng mga Akdang Pampanitikan) sa taong ito. Ito ay upang mas mabigyan ng panahon ang mga kasapi ng patnugutan na makapaglathala ng artikulong kaugnay ng mga panayam.

Maraming Salamat po sa inyong pagtangkilik at pakikiisa!

\- Pamunuan ng PASATAF

# PASATAF

Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino
Room 35, Unit 3535, MRB Building, Commonwealth, Quezon City
*Mobile Phone Nos.:Globe- 09177244176, Sun-09222074102, Smart-09284632898*
(SEC Reg. No. 50484)



**PAMUNUAN 2018-2020**

**LUPONG TAGAPAGPAGANAP**

**DR. ELPIDIA B. BERGADO**
*Pangulo /Rehiyon IV-A*

**MR. JESUS B. VALENCIA**
*Pangkalahatang Pangalawang Pangulo – NCR*
*09084045907*

**DR. RAMON J. DE LEON**
*Pangalawang Pangulo*
*Luzon-Rehiyon III*
*09209454951*

**DR. ROMEO T. ESPEDION, JR**
*Pangalawang Pangulo*
*Visayas-Rehiyon VI*
*09212642218/09164293009*

**MR. JOSEVIC F. HURTADA**
*Pangalawang Pangulo*
*Mindanao-Rehiyon XII*
*09176716708/09268283758*

**MS. VIOLA S. ESPARAGOZA**
*Kalihim-Rehiyon XI*
*09278583868*

**MS. ROSIE E. MARTINEZ**
*Katuwang na Kalihim-KWF (Ret.)*
*09325707187*

**DR. YOLANDA V. SERAG**
*Ingat-Yaman-Rehiyon IV-B*
*09206916172*

**MR. LUISITO V. LIBATIQUE**
*Tagasuri –Rehiyon I*
*09199912210*

**DR. FELIXBERTO C. LABASTILLA**
*Tagapagbalita-Rehiyon IX*
*09171174184*

**LUPON NG MGA DIREKTOR**

**DR. CORAZON G. GENOBILI**
*Rehiyon II*
*09362726790*

**DR. LUZ R. PRADES**
*Rehiyon V*
*09283521970*

**MR. FELICITAS R. GARCESA**
*Rehiyon X*
*09153448790*

**DR. HADJI MOHAMMAD AMIN AUKASA**
*ARMM*
*09175009628*

**DR. MA. LIZA T. BANDOLA**
*Rehiyon XIII-Caraga*
*09308158120*

**DR. MARILYN S. API-IT**
*C.A.R.*

**DR. CARMELITA C. ABDURAHMAN**
*Tagapayo*
*09274232955/09193089631*


Pebrero 13, 2020

**RAMIR B. UYTICO**
Regional Director
Region VIII

G. Uytico:

Mapagpalang pagbati!

Ang Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAF) ay magdaraos ng ika-48 Pambansang Seminar Gawaing-Kapulungan sa Filipino na may temang, "PASATAF: KAISA NG GURONG PILIPINO SA PAGTUGON SA HAMON AT KRISIS NG PAGTUTURO NG FILIPINO SA PATULOY NA NAGBABAGONG MUNDO" na gaganapin sa ika -13 hanggang 17 ng Abril, 2020 sa Teachers Camp, Lungsod Baguio.

Kaugnay nito, hinihiling po namin ang inyong pag-endorso para sa suporta, partisipasyon at malawakang pagpapalaganap ng kalakip na kalatas hinggil sa naturang gawain.

Narito po ang detalye ng Gawaing Kapulungan:

1 Ang layunin ng seminar ay ang sumusunod:
   a. Malinang ang kulturang pang-edukasyon bilang tugon sa progresibong hamon ng panahon na kinakaharap ng kasalukuyang sistema ng edukasyon
   b. Magamit sa Aktwal na pagtuturo ang mga napapanahong estratehiya sa K to 12 tungo sa may kalidad na edukasyon
   c. Maiangat ang sigasig/hikayat sa pagtuturo sa pamamagitan ng proaktibong pagpapaunlad ng K to 12 Kurikulum at
   d. Makapag-eksibit ng mga saliksik sa Filipino na magsisilbing kasangkapan sa pagpapaunlad ng kurikulum.

2 Ang inaasahang dadalo ay ang mga kapisanang Pangwika at Edukasyon, mga kinatawan na manggagaling sa iba't ibang rehiyon, Pambansang Pamunuan at Lupon ng mga Direktor ng PASATAF, mga kinatawan ng Tanggapang Sentral ng DepEd at CHED, panrehiyon at pansangay na Tagamasid sa Filipino, mga guro sa elementarya, sekundarya, at tersarya sa mga unibersidad/kolehiyo na pang-estado at pribado, at mga bagong kasapi sa PASATAF, mga miyembro ng iba't ibang kapisanang Pangwika sa edukasyon, mga gurong nagtuturo ng Filipino at mga asignaturang ang wikang panturo ay Filipino, at sinomang may interes sa usaping pangwika, mga iskolar at dalubwika.

3 Ang lahat ng dadalo ay magbabayad ng Apat na Libo Tatlong Daan at Limampung Piso (Php 4,350.00) para sa dating kasapian at Apat na Libo at Limandaang Piso (Php 4,500.00) para sa bagong miyembro na gugugulin sa pagkain at akomodasyon, seminar bag, sertipiko, PASATAF T-shirt, kalatas balita, honoraria at iba pang gastusin.

**PAMUNUAN 2018-2020**

**LUPONG TAGAPAGPAGANAP**

**DR. ELPIDIA B. BERGADO**
*Pangulo /Rehiyon IV-A*

**MR. JESUS B. VALENCIA**
*Pangkalahatang Pangalawang Pangulo – NCR*
*09084045907*

**DR. RAMON J. DE LEON**
*Pangalawang Pangulo Luzon-Rehiyon III*
*09209454951*

**DR. ROMEO T. ESPEDION, JR.**
*Pangalawang Pangulo Visayas-Rehiyon VI*
*09212642218/09164293009*

**MR. JOSEVIC F. HURTADA**
*Pangalawang Pangulo Mindanao-Rehiyon XII*
09176716708/09268283758

**MS. VIOLA S. ESPARAGOZA**
*Kalihim-Rehiyon XI*
*09278583868*

**MS. ROSIE E. MARTINEZ**
*Katuwang na Kalihim-KWF (Ret.)*
*09325707187*

**DR. YOLANDA V. SERAG**
*Ingat-Yaman-Rehiyon IV-B*
*09206916172*

**MR. LUISITO V. LIBATIQUE**
*Tagasuri –Rehiyon I*
*09199912210*

**DR. FELIXBERTO C. LABASTILLA**
*Tagapagbalita-Rehiyon IX*
*09171174184*

**LUPON NG MGA DIREKTOR**

**DR. CORAZON G. GENOBILI**
*Rehiyon II*
*09362726790*

**DR. LUZ R. PRADES**
*Rehiyon V*
*09283521970*

**MR. FELICITAS R. GARCESA**
*Rehiyon X*
*09153448790*

**DR. HADJI MOHAMMAD AMIN AUKASA**
*ARMM*
*09175009628*

**DR. MA. LIZA T. BANDOLA**
*Rehiyon XIII-Caraga*
*09308158120*

**DR. MARILYN S. API-IT**
*C.A.R.*

**DR. CARMELITA C. ABDURAHMAN**
*Tagapayo*
*09274232955/09193089631*


4. Kalakip nito ang programa ng mga Gawain, mga Alituntunin at Pamantayan ng PASATAF 2020.

5. Para sa karagdagang impormasyon o anomang katanungan, maaaring tumawag o makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

ELPIDIA B. BERGADO, Ed. D.
Pangulo, PASATAF
Mobile Phones: 09178590847 | 09190665896

VIOLA S. ESPARAGOZA
Kalihim, PASATAF
Mobile Phones: 09222074102 I

Maraming salamat po sa inyong patuloy na pagtangkilik sa PASATAF at sa inyong positibong tugon sa aming liham.

Lubos na sumasainyo,

**ELPIDIA B. BERGADO, Ed.D.**
Pangulo, PASATAF